

1

He wanted her. Hindi niya alam kung kailan pa, maybe since she turned fifteen, when her baby fats turned into soft curves. Or maybe it was earlier than that; with her infectious smile and endless energy. Yes, sigurado siya, he had always wanted her—in one way or another, he had always wanted her.

Tumaas ang kamay niya mula sa makinis nitong likod para isabunot ang mga daliri sa mahaba nitong buhok. He tipped her head to the side to kiss her deeper. Katherine moaned in his mouth, pressed her soft breasts harder to his chest and started moving her hips against his lap.

Napaungol siya. Malalim ang paghinga, dumilat niya para titigan ang dalaga sa kanyang harapan. Malamlam ang mga mata nito at hinihinal din, her porcelain skin glistened with sweat, then a corner of her lips turned up as her hands skittered down his chest. He growled when her dainty hands closed over his hard shaft.

“You want me...” anas nito sa kanyang tainga. Of course, she was right. Then, she lifted her hips and in one swift stroke, she impaled herself to him. The world

became pitch black.

Then, he woke up.

Sa background, matinis na tumutunog ang nakaririnding alarm clock. He stared at the white ceiling of his room. Matapos ang ilang segundo, napapikit siya nang mariin at mahinang napamura sa sarili.

His dreams were becoming more and more realistic these last few years. Muli siyang napamura sa sarili at napahilamos sa mukha.

“Jarred! Get up! I already made breakfast!”

The twenty-eight-year-old lad stiffened when he heard Katherine’s voice. Binuksan ng dalaga ang pinto ng kanyang kuwarto at sumilip doon.

“Hey, get up! Six na, baka ma-late ako.” She pouted her pretty lips at him.

He glanced at her carefully. Magulo ang pagkakapusod ng mahaba nitong buhok, naka-negligee ang dalaga at nakahantad ang kalahati ng mga hita nito. Images of her naked legs wrapped around his waist flashed in his mind.

Cursing himself, iniwas niya ang tingin dito.

“What are you doing here?” Malamig ang boses niya.

Katherine rolled her eyes. “Cooking your breakfast, ano pa bang—”

“Di ba sinabi ko nang ’wag ka nang pupunta sa unit ko nang ganito kaaga?”

Natigilan ito nang marinig ang tono niya. Namaywang ito.

“So you’re whining about that again? You’ve been telling me to stop bothering you since I was five, what makes you think I’ll listen to you now?” grumble

Tumayo siya mula sa kama at lumapit sa closet para kumuha ng tuwalya. “Don’t come here again,” he said tersely.

Sa gilid ng mga mata niya, nakita niyang napahawak ito nang mariin sa gilid ng damit nito.

“Ano ba’ng problema mo? Napapansin ko you’re becoming grumpier and grumpier these last years, nitong mga nakaraang buwan lalo na. And you seemed to enjoy taking it out on me. Ano ba’ng ginagawa kong masama? May problema ka ba sa trabaho—?”

“Ikaw ang problema, Katherine.”

Naitikom nito ang bibig.

He looked at her coldly.

“I’ve been very patient with you but there’s a limit to everything. N’ong bata ka pa okay lang, but you’re twenty-two now. Hindi ka ba nahihiya sa sarili mo at pinagsisiksikan mo pa ang sarili mo sa ’kin? I don’t want you, period. We can stay together forever, we can be friends, we can be like family... but we can never be in that kind of relationship. I am not, and will never be interested in you in the romantic sense. Hangga’t di mo ’yan nasasaksak sa isip mo, huwag ka munang bumalik dito.”

Nanginig ang mga labi ng dalaga at lalong dumiin ang pagkakahawak nito sa laylayan ng damit. He felt something stab him in the gut but he ignored it.

“You’re lying. Sinasabi mo lang ’yan dahil hindi ka pa sanay na makita ako sa ganoong paraan. You’ve been treating me like a sister because you and my brother used to be so close—”

“That has nothing to do with it!” he said through his teeth. Namasahe niya ang sentido. “Get out, Katherine.”

“Bakit ba—”

“I said get out!”

“Tuluyan nang tumulo ang luha ng dalaga.

“I’m never giving up on you! Isaksak mo ’yan sa utak mo! Asshole!” sigaw nito saka padabog na lumabas ng kuwarto. Narinig din niya ang pagbalibag ng pinto ng kanyang unit.

Gritting his teeth, naihilamos niya ang mga palad sa mukha at marahas na ibinato ang tuwalya sa pinto.

“Seriously, what in the world is wrong with him?” asik ng dalagang nakaupo sa teacher lounge. She flipped her long gorgeous hair and continued ranting to the man sitting beside her.

“Alam mo di ko talaga alam ang problema ng lalaking ’yan, eh. Hindi naman siya ganyan dati; he used to be so caring and protective, ni ayaw nga ’kong padapuan sa langaw niyan. Pero ngayon halos kaladkarin ako palabas ng unit niya tuwing pumupunta ako! What the hell is wrong with him? Hindi ba niya alam na isang honor ang mahal in siya ng isang kagaya ko? I’m sweet, caring, thoughtful, kind, beautiful, smart—what more can he ask for?”

Jonathan rolled his eyes pero hindi ito nakita ng

dalaga at patuloy lang sa pagdaldal.

“We’ve practically known each other since forever. Bata pa lang, inseparable na kaming tatlo—”

“You mean si Jarred at si Kuya Ronald mo,” singit ni Jonathan sa pre-school teacher. “Kung tama ang pagkakaalala ko sa mga kuwento mo, si Jarred at ang late brother mo ang talagang close, ikaw lang ang laging nakikisiksik. Bata pa lang, epal ka na kasi.”

Pinandilatan niya ang kaibigan pero hindi ito nagawang kontrahin. Totoo kasi ang sinabi nito, parang si B1 at si B2 ang kapatid niya at si Jarred noon. Siya ay lagi lang extra. Kung hindi siya nagkakamali, noong sumali lang sa frat si Jarred noong college ang tanging panahon na medyo nagkahiwalay ang dalawa.

“Maybe you really are becoming a little too clingy, Katherine,” anang mestizo na guidance councilor. “Magkababata nga kayo pero may hangganan iyon, hindi mo p’wedeng pakialaman ang lahat sa buhay niya.”

“But... but... ” she insisted. “I still think there’s something wrong with him! Hindi siya ganyan noon. Dati naman, mas malala pa ang ginagawa kong pamemeste sa kanya—sinisira ko lahat ng dates

niya, pina-flat tire ko 'yong kotse niya kapag di niya pinapansin, kinalat ko 'yong naked baby pictures niya sa net n'ong nakalimutan niya ang birthday ko—pero lagi pa rin kaming okay. Ngayon, wala naman akong ginagawang drastic pero ayaw na niya 'kong ihatid at isundo! Alam mo ba kung gaano kaseryoso iyon? I have the worst sense of direction! Most of the time I can't tell right from left, kaya lagi akong naliligaw. Pero pinabayaan niya 'kong mag-commute mag-isa!”

“O.A. ka, Kat, marunong ka namang mag-taxi—”

“Pati sa unit niya, banned na rin ako! And he's really saying mean things to me now! I really don't understand him!” atungal niya.

Napabuntong-hininga si Jonathan.

“Iyon nga ang point, Kat. Baka napuno na siya sa 'yo, nag-accumulate na iyong lahat ng inis niya at iyon, sumabog na. Maybe you should really try distancing yourself a little bit. ”

Matalim niya itong tinitigan. “But I love him.”

“But does he love you back?” Jonathan shot back. “You can't always use love as an excuse. Don't be so selfish, Kat.”

Inirapan niya ito. “Mahal niya rin ako, may

gumugulo lang sa kanya.”

Jonathan rolled his eyes again. “Napanood mo ba ‘yong *A Walk in the Clouds*? May isang line doon, eh, ganito ang sabi: *‘The only truth that you know is the truth according to you, that is the only truth that you can accept’*. Bagay na bagay iyon sa iyo, Kat.”

Hinampas niya ng bag ang kausap.

“Basta, he loves me! Kung hindi, eh, bakit di niya ’ko maiwan-iwan? At ’wag mong sabihin na dahil lang ’yon sa magkababata kami, dahil kung iyon lang din, sa dami ng pamemeste kong ginawa sa kanya, sigurado akong napuno na rin siya sa ’kin at tinanggal na ’ko nang tuluyan—”

“Eh, di ba, iyon na nga ang ginagawa niya ngayon?”

“Hindi, ah. Ang sabi niya, we can still be together forever, hindi nga lang sa romantic sense.”

“O, iyon naman pala. Ang linaw!”

“I hate you!”

Tumawa lang ang binata. “There, there, you spoiled brat.” Tinapik-tapik nito ang ulo niya.

Matalim niya lang itong tinitigan. “I’m not talking

to you.”

“Really?” Ang lapad ng ngiti nito. “A dream come true! Salamat!”

“Ikaw ha, kanina ka pa.”

Tumawa lang ulit ito. “O sige na, tama na. Ang puso mo, Kat, baka atakihin ka pa ng hika mo. Halika na, tutal tapos na ang shift mo, ililibre na lang kita para gumanda naman ang mood mo. Come.” Tumayo ito at hinila siya mula sa pagkakaupo.

“Wow, n’ong sinabi mong ililibre mo ’ko, di ko akalaing sa fine dining tayo pupunta, birthday mo ba?”

Pinaikot ni Jonathan ang bilog ng mga mata.

“Why do you always roll your eyes? Baka maduling ka na niyan, Jon.”

Natigilan ito sa mock na pagtawa. Tila may nakita itong hindi maganda.

Napakunot-noo si Katherine at sinundan ang tingin nito. “Why? What’s wrong?”

“Kat, sa iba na lang tayo kumain...”

Pero huli na ang lahat. Nakita na ni Katherine ang nakita ng kaibigan.

She would recognize him anywhere, anytime. Kahit medyo madilim, she could clearly discern his chiseled features from where she was standing. Sa secluded part na iyon ng restaurant, naroon si Jarred at sa tabi nito, may isang babaeng nakapulupot ang braso sa leeg ng binata. They seem to be talking intimately.

Pakiramdam ng dalaga umakyat lahat ng dugo niya sa ulo; her heart suddenly started beating madly in her chest.

“Come on, Kat, let’s go.”

Giniya siya ng kaibigan palayo pero parang lead ang mga binti niya sa bigat. Si Jarred naman ay parang may na-sense na may nakamasid dito kaya napaangat ito ng tingin. His eyes widened when he saw her.

She bit her trembling lips.

“Come on, Kat—”

“Hey, isn’t that Katherine?” narinig nilang tawag ng babaeng katabi ni Jarred. Kinawayan sila nito para palapitin. “Hey, join us!” nakangiting tawag nito.

Alanganin na tiningnan siya ni Jonathan, tumayo ang babae at nilapitan sila.

Maliit lang ang babae pero maganda ang katawan—big boobs and wide hips. Nakamaikling palda ito at three-fourths cardigan shirt. Mestisahin ito at kulay brown ang maikling buhok. Bigla tuloy, naihiling niyang nagpalit muna siya ng damit. She suddenly felt stiff and inadequate in her pink teacher’s uniform.

“Are you going to have dinner here?” anito nang makalapit.

“Come on, join us. We’d love to have you with us.”

Bago pa sila makapagprotesta, hinila na sila ng babae papunta sa table nito at ni Jarred.

Matalim niyang tinitigan ang kababata pero malamig lang nitong binalik ang tingin niya.

“By the way, I’m Selena. I own this restaurant at college friends kami ni Jarred,” the woman blabbered. “I’ve heard so much about you!”

Umupo na sila sa harap ng mesa.

“Lagi kang bukambibig ni Jarred. Finally, I get to meet his little sister!”

Lumipad ang tingin niya kay Selena.

Walang halong animosity o pang-uuyam sa maganda nitong mukha; tuwang-tuwa lang talaga itong makilala siya. Pakiramdam niya sinampal siya nito.

“Well, I know hindi naman talaga kayo blood related dahil ang totoong kapatid mo ay si Ronald, di ba? ‘Yong best friend ni Jarred since he was two, but I know he treats you like his own sister. Sa picture lang kita nakita at, Girl, you’re prettier in person! Alam mo this guy here really adores you kaya I have always wanted to meet you! Finally, I get to meet the precious little sister he always talks about,” she beamed. Binalingan nito ang katabing lalaki. “She’s really cute, Jarred.” Maarte nitong hinawakan ang didib nito, bigla tuloy gusto niya itong sabunutan.

Uminom ng tubig ang binata. “She is,” walang ganang tugon nito.

Selena pouted prettily. “Hey, what’s wrong? Bakit bigla ’atang nagbago ang mood mo?” Ikinawit ng babae ang mga braso sa leeg ng kababata niya at idinikit ang katawan dito.

Katherine felt her chest tightening.

“Hey, after this, let’s go some place fun. Isama

natin sila Katherine. That would be great, don't you think so?" patuloy pa nito.

Malamig siyang pinukulan ng tingin ni Jarred, pagkatapos ay binaling nito ang tingin sa babae at masuyong ngumiti rito. Lalong nanikip ang dibdib niya.

"Sure, let's do that," anito, saka hinawi ang buhok na nakatabing sa mukha ni Selena. Maaarteng ngumiti ang huli sa binata.

Parang hindi makahinga si Katherine; medyo nanginginig din bigla ang mga kamay niya. Natakot tuloy siya na baka umatake ang asthma niya. Medyo dumadalas ang pag-atake noon nitong mga nakaraang buwan.

"Kat, are you okay?" Naramdaman niya ang kamay ni Jonathan sa kanyang balikat.

"Katherine," narinig din niyang tawag ni Jarred. "Katherine, what's wrong—"

Hinampas niya palayo ang kamay ng kababata. Matalim niya itong tinitigan.

"I'm okay," she answered sharply.

"No, you're not; namumutla ka." Maagap nitong hinawakan ang pisngi niya pero marahas niyang

iniwas agad ang mukha.

“Don’t touch me, you bastard!” Itinulak niya ito.

Sumabat ang date nito. “Katherine—”

“Shut up!” sigaw niya kay Selena. “Malandi kang babae ka! Malandi ka!” Hinagilap niya ang baso ng tubig at sinaboy ang laman niyon sa babae.

Napatili ito sa gulat.

“Goddamit, Katherine!” asik ni Jarred. “What the hell’s wrong with you?”

“Damn you!” balik-sigaw niya rito.

“Apologize to her!”

“I won’t! Malandi ’yang babaeng ’yan! Kalantari ’yan!” she shrieked. Pinagtitinginan na sila ng tao pero wala siyang pakialam.

She felt hot tears stinging her eyes, nahihirapan na talaga siyang huminga. Nanginginig na napakuyom-palad siya.

“I won’t apologize... magsama kayo ng malanding babaeng ’yan! Go to hell! I hate you... I hate you!” She slumped in a chair, napahawak sa dibdib dahil biglang sumakit iyon.

“Katherine!” Namutla si Jarred nang makitang nahihirapan siyang huminga. Mabilis itong napatayo at nilapitan siya, pero itinulak niya lang ito palayo. “Asan ang inhaler m—”

“I hate you! ’Wag mo ’kong hawakan!” Malakas niya itong itinulak, hinihinal na siya at hindi na makahinga. “I hate you... I f*cking hate you!” Hawak ng isang kamay ang dibdib, marahas niya itong itinulak ulit gamit ang kabilang palad at saka siya umiiyak na tumakbo palabas ng restaurant.

“Shit! Katherine!” tawag ni Jarred.

Mabilis na tumayo si Jonathan para habulin siya pero mariin itong hinawakan ni Jarred sa balikat.

“Ako na,” he said curtly saka nagmamadaling hinagilap ang laptop at mga file cases sa upuan. “I’m really sorry about this, Selena. Let’s set another appointment to talk about the construction. I’ll give you a discount to compensate for this.”

Akmang tatakbo na ito paalis pero hinawakan ito sa braso ng babae.

“Can we see each other tomorrow? To talk about the new construction of my restaurant?” anang babaeng may bahagyang basa sa blusa dahil sa ginawang pagsaboy rito ni Katherine ng tubig.

Mabilis na umiling ang binata. “I can’t. Death Anniversary ng kapatid ni Katherine, uuwi kami ng Pangasinan.”

“Then I’ll meet you there na lang.” Halatang desperado ang babae.

“Sure,” mabilis na sagot ni Jarred saka nagmamadaling hinabol ang dalaga.

Nahabol siya nito sa parking lot.

“Katherine!” Hinaklit nito ang braso niya.

“Let me go!” Pero hindi siya nito binitawan.

“Stop it! What happened? Umaatake ba ang asthma mo? Where’s your freaking inhaler?”

“I said let me go!” Tinulak niya ito saka hinawakan ang sariling dibdib. Umiiyak pa rin, humigit siya ng malalalim na hininga.

Jarred stood there, looking tensed and helpless as she struggled to calm her breathing. Naisuklay nito ang daliri sa buhok.

“Are you okay now?” he asked helplessly as he touched her arm. Marahas lang siyang umiwas ulit. Tears still in her eyes, she glared at him accusingly.

Ang binata naman ang humigit ng hangin.

Naihilamos nito ang mga kamay sa mukha.

“Let’s go see a doctor, dumadalas ang pag-atake ng asthma mo.”

“No need. Bumalik ka na sa malanding babaeng ’yon.”

Matalim siyang tinitigan ng binata. “Stop being stubborn, we’re going to a doctor, halika na.” Marahas nitong hinaklit ang braso niya at hinila siya papunta sa kotse nito.

“I said I can’t now! Hindi pa ’ko tapos mag-impake,” atungal niya.

Humigit ulit ng hangin ng binata, pagkatapos ay tinitigan siya. She stared back stubbornly. Napamasahe ito sa sentido.

“Fine. Pagbalik natin, we’ll see a doctor.” Hinila na siya ulit nito papunta sa sasakyan.

Binuksan ng lalaki ang pinto at itinulak siya papasok. Ito rin ang nagsuot ng seatbelt niya. Then, he rushed to the other side and climb into the driver seat.

Nanatiling tikom ang bibig niya pagkasakay nito. Hindi iisang beses na tinatapunan siya nito ng tingin pero hindi niya ito pinansin. She kept her lips tightly

pursed in a grim line.

Muli, napahigit ito ng hangin at napamasahe sa noo.

Hanggang sa makarating sila sa condo building ay hindi niya ito iniimik. Pagkaprenong-pagkapreno, mabilis niyang tinanggal ang seatbelt at marahas na binuksan ang pinto ng kotse. Mabilis nitong hinagilap ang kamay niya.

“What?” she snapped at him.

Akmang hahawakan siya ulit nito sa pisngi pero pinigilan nito ang sarili. Humigit ito ng hangin, mabilis siyang binitiwang at iniwas ang tingin sa kanya.

“Sleep early tonight. Maaga ang alis natin pauwi ng San Nicolas. Everyone would be worried if they’d see you all pale and weak,” he said tightly.

Nanginig ulit ang mga labi niya. Mabilis siyang lumabas ng kotse at tumakbo papunta sa elevator.

Marahas na napasandal si Jarred sa backrest ng upuan.

Pumikit ito nang mariin at nahilamos ang mukha.

“Ronald, I know you’ll curse me for hurting her

Together Forever - Dior Madrigal

like this,” anas nito sa kawalan, “but this is for the best.” Tumiim ang bagang ng binata.

“I can never have her, I can never deserve her.”

2

Nang magising si Jarred kinabukasan, inaasahan niyang naroon ulit si Katherine sa pad niya, nangungulit at namemeste na naman. Pero nakatapos na siyang maligo at nakapagbihis ay hindi pa rin niya ito naririnig sa kusina.

Medyo nagulat siya nang imbis na isang naka-apron na Katherine ang makita sa kitchen, isang note at isang basket ng pagkain lang ang dinatnan niya.

Kunot-noong kinuha niya ang note.

Hey, I'm really sorry about yesterday, what I did was really horrible. I'll apologize to Selena, but I'm going to tell her that I'm not letting you go though. Uh... so iyon lang. Sorry for being a brat all the time.

Kita tayo mamaya.

P.S.: Since ayaw mo 'kong pumunta d'yan sa pad mo, iniwan ko na lang ang breakfast mo. If you want more, katok ka lang sa pinto ko. Marami akong ginawa niyan.

Despite himself, he could not help but smile after reading her note. Tiningnan niya ang laman ng

basket—may sandwiches, hot bowl ng chicken soup, vitamins, energy bars, apples at juices doon.

Again, he could not help but smile a little wider.

Katherine had always been sweet pero ito yata ang unang beses na nag-sorry ito sa pagiging maldita nito.

She was the epitome of the spoiled, rich, bratty princess na sa palagay niya ay hindi nito buong kasalanan. Everyone around her— ang mga yumaong magulang nito, ang mga katiwala sa bahay nito, ang mga magulang niya, siya, ang kapatid nitong si Ronald—they all spoiled her rotten.

Katherine's late parents doted on her like crazy. Nang mamatay ang mga ito sa isang aksidente sa barko, halos ituring itong prinsesa ng kapatid nitong si Ronald. Nang si Ronald naman ang namatay, siya at ang mga magulang niya ang pumalit dito. Mula pagkabata, everyone around her always let her get her way, at kapag may ginawa itong kasalanan, usually ito pa ang nagmamalaki at nagmamatigas.

Naalala ni Jarred, sinunog nito ang prom clothes niya para hindi siya maka-attend noon. Pagkatapos, ito pa ang may lakas ng loob na huwag siyang pansinin sa loob ng isang lingo. Kung hindi pa niya

ito niregaluhan ng tuta, hindi pa siya nito papansinin.

Nailing na natatawa siya sa alaala.

Pagkatapos ng ilang sandali, bahagyang lumamlam ang kanyang mga mata.

Pakiramdam niya, kahapon lang, naka-pigtails pa ito na buntot nang buntot sa kanya—screaming, kicking, selfishly biting her way to get his attention.

When did she grow up so fast?

When did she start changing?

When did he fall in love with her?

Nawala ang ngiti niya sa mga labi.

Napapikit siya nang mariin at nahilot ang sentido.

“Jarred! Katherine! Akala ko hindi na kayo makakarating!” Mahigpit silang niyakap ni Aling Adel, ang katiwala nina Katherine sa bahay at nagsilbing surrogate mother na rin ng dalaga at ni Ronald nang mamatay ang mga magulang ng dalawa noong pitong taon gulang si Katherine.

“P’wede ba naman ’yon, Ma, eh, death anniversary ni Kuya,” turan ni Katherine habang tinutugon ang

yakap ng matanda.

Ibinaba ni Jarred ang overnight bag sa sahig ng living room.

“Oo nga naman.” Kumalas ng yakap ang inahan. “O siya, kumain muna kayo ng tanghalian. Jarred, dito ka na muna kumain,” baling ni Aling Adel sa binata.

Magalang na umiling ang kababata. “Ah, hindi na po muna, Auntie, medyo pagod po ako sa biyahe. I’ll go home first and take some rest.”

Tumango ang matandang ginang. “O sige, paano, sabay-sabay na lang tayo bukas pumunta sa puntod ni Ronald, ha? Sabihin mo sa mama mo, dito na lang kayo maghapunan mamaya.”

Jarred nodded. “Sige po.” Tumalikod na ito at lumabas ng kanilang bahay. Matapos ang ilang segundo, narinig na nila ang pag-alis ng kotse nito.

“O, halika na, kumain ka na. Niluto ko lahat ng paborito mo,” nakangiting anito.

Masuyo niyang tinugon iyon ng ngiti. Naglakad na sila papunta sa kusina pero hindi niya maiwasang lumingon sa bintana. Napabuntong-hininga siya habang tinatanaw ang kotse ni Jarred.

Hindi man sabihin ng kababata, ngunit talagang ito ang pinakaapektado sa pagkamatay ng kuya niya. Hanggang ngayon, sampung taon na ang nakakaraan, pero tila hindi pa rin nito natatanggap ang nangyari.

Siguro dahil may kaunting alitan ang dalawa noong mga panahong iyon bago mamatay ang kapatid niya. Kaya naman, taun-taon, kapag dumarating ang araw na ito, he would be withdrawn just like that. He would not want to talk much and would go home and not mingle with people as much as he could.

Humigit siya ng hangin pagkatapos ay masiglang binalingan ang nanay-nanayan. “Ano’ng tanghalian?” untag niya rito. “Gutom na gutom na talaga ako!”

“Ay masarap! Lechon paksiw, kare-kare at Bicol Express! Gumawa rin kami ng tupig at leche flan para sa ’yo.”

“Wow!” Katherine cooed. “Si Uncle nga pala nasaan?” tukoy niya sa asawa ng matandang babae.

“Medyo hindi maganda ang pakiramdam kaya nasa kuwarto lang muna.”

Katherine froze. “Is he okay? Nagpunta na ba siya sa doctor? Bakit ngayon ko lang nalaman?”

“Ano ka ba, Hija, lagnat lang iyon—”

“Kahit na, dapat nagpatingin pa rin siya!” pilit niya.

“Oo, oo, pupunta kami mamaya.”

“Seryoso ako, Nanay—”

“Oo, alam ko. Ikaw bata ka, halika na, kumain ka na.”

Hinila na siya nito patungo sa hapag-kainan.

“Mamaya pupunta tayo sa doctor.” Masuyong ngumiti ang nanay-nanayan at pinisil ang kanyang kamay.

“Sige na, ’wag ka nang mag-alala. Pupunta tayo,” anito saka pinaghainan na siya.

Matapos ang tanghalian, dumerecho siya sa silid ng Kuya Ronald niya. Napangiti siya nang makita ito.

Her brother’s room had always been one of her most favorite places. Ronald was one of the most artistic person she had ever known. Kitang-kita iyon sa loob ng silid nito. Ang isang pader sa opposite ng pintuan ay may isang mural ng class picture nito noong high school. Sa isang side naman naroon ang abstract paintings nito at mga sculpting pieces. Bata

pa lang ang kapatid ay nanalo na ito sa mga painting at sculpting contests at ang mga awards na iyon naka-display sa malapit sa pinto.

Mula pagkamatay nito noong twelve siya, she had kept this place intact, tanging mga damit lang ng kapatid ang ibinigay niya sa ampunan; the rest, she still kept in his room.

Tumalon siya papabagsak sa twin-sized bed at humiga roon. Tinitigan niya ang glow-in-the-dark constellations sa kisame.

Her smile widened as she traced the patterns in the ceiling.

Kakaunti lang ang nakakaalam, pero hindi pintor o sculptor ang gustong maging ng kuya niya. Ang totoo her brother wanted to be an astronaut.

Her brother was always fascinated with the universe—pilit itong gumawa ng telescope noong twelve ito, inubos din nito noon ang ipon nito para gumawa ng planetarium sa isang kuwarto rito sa bahay nila. Pati ang silid niya, ginawa nitong ala-Milky Way sa dami ng glow-in-the-dark stars na idinikit nito at mga pinintang planets at asteroids. Hindi na niya maalala kung ilang beses nilang pinanood ang *'Star Wars'* noong nabubuhay pa ito. Kapag nami-miss niya

ang kapatid, sinasalang niya lang ang DVD noon at pakiramdam niya katabi niya lang ito.

She grinned at the memory.

They were watching ‘*Star Wars: The Empire Strikes Back*’ when he told her he wanted to travel the universe. Ang balak nito, mag-aaral muna ito ng Fine Arts pagkatapos ay magtatrabaho para makaipon ng pera bago mag-aral ulit sa ibang bansa ng gusto nitong kurso. Ganoon ang kuya, gusto nito na nakaplano ang lahat.

Nang mamatay ang mga magulang nila, malaki ang iniwang pera ng mga ito sa bangko at sa trust fund. Pero kahit magkaganoon, alam ni Ronald na masyado pa ring malaki ang gagastusin sa gusto nitong kurso lalo pa’t sa ibang bansa lang mayroon niyon.

Nabawasan ang tamis sa ngiti niya sa mga labi. Kung sana naging mas makasarili lang nang kaunti ang kapatid niya at ginawa na nito ang gusto, he would have been able to study what he wanted before it was too late. But her brother was always the selfless type, laging iniisip ang ikabubuti ng iba, laging inuuna ang iba bago ang sarili nito. Kahit nga ang kompanya ng sinakyan nitong taxi noong naaksidente ito ay hiniling nito na huwag na lang

kasuhan.

Humigit siya ng hangin. “Hay, Kuya Ronald!” she beamed in the dark. “Alam kong di ka matutuwang ma-depress ako, kaya di ako malulungkot. Alam ko, nabuhay ka sa paraang gusto mo; there’s no need to feel sad and lonely. I know you have no regrets.” Humigit ulit siya ng hangin. “Don’t worry about us! We’re doing good. ‘Wag ka nang mag-alala sa best friend mo, ako na’ng bahala sa kanya, okay?” Ngumiti siya sa hangin. She yawned.

Nitong nakaraan, pakiramdam niya ay pagod siya parati. Ipinikit niya ang mga mata at matapos ang ilang segundo, nakatulog na siya.

Malamlam ang mga matang pinagmasdan ni Jarred ang old fort nila ni Ronald noong mga bata pa sila. Hiding place nila ito ng kababata mula limang taong gulang silang dalawa. Nasa liblib na bahagi iyon ng isang bundok malapit sa bahay nila Ronald.

Umupo siya sa isa sa mga benches na ginawa ng kababata. Napangiti siya nang makita ang mga nakaukit na disenyo roon. Mga tribal designs ng mga araw at buwan ang nakaukit doon. Talagang hindi maiwasan ng kababata niya na lagyan ng heavenly

bodies ang kahit na anong bagay na ginagawa nito.

Muli niyang ginala ang tingin sa loob ng kanilang fort.

Isa iyong maliit at lumang simbahan na sa palagay nila nasira noon Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sira na ang halos buong bubong nito at ilang bahagi ng pader. May mga baging at mga halamang gumagapang sa mga bintana at dingding nito.

Sa bandang gitna nito, naglagay sila roon ng swing noong eight years old sila at nang maging teenager, nilagyan nila ng dart board din. Nagkumpuni rin sila ng maliit na racing track sa isang bahagi nito.

Iginala niya ang mga mata sa luma at sira-sirang pader.

Saksi ang mga ito sa kabataan nila. They played pirates, soldiers, swordsmen in this place. They talked about their crushes, their problems at school and home; they weave their dreams here, siya at si Ronald. This place grew with them.

He closed his eyes and breathed deeply.

Matapos ang ilang segundo, muli niyang iminulat ang mga mata.

He stared at their derelict fort once again.

Nang mawala ang kababata, tumigil siya sa pagpunta sa lugar na ito. Slowly the place deteriorated further. At kagaya ng isang parte ng pagkatao niya, ang lugar na ito ay namatay kasama ng kaibigan niya.

Kung may isang lugar na punung-puno ng presenya ng kababata, ito ang lugar na iyon. Kung may isang lugar na ramdam na ramdam niya ang pagkawala nito, dito iyon.

He bit his lip hard.

It seemed unfair.

Hindi tama na narito siya, buhay at humihinga, narito sa fort nila, narito at kasama ang mga taong mahal nila... habang ang kaibigan niya ay wala na.

It seemed unfair that he could live his dream, built the company he talked about with Ronald when they were kids, while his best friend couldn't live the dream of being the astronaut he had always wanted to be.

It seemed unfair that he could do whatever he wanted in the future when his friend just couldn't.

Humigit siya ng hangin at muling ipinikit ang mga mata.

Together Forever - Dior Madrigal

“Ronald...” Nanginginig na napahawak siya sa noo. “I’m sorry,” marahas niyang anas sa hangin. “I’m sorry...”